# MAGING HANDA SA LAHAT NG ORAS

*by:*
**Joey R. Cabrera**
*MT-1 Pagalanggang National High School*

Ang Pilipinas isa sa maraming bansa na palaging naapektuhan ng kalamidad ngunit sa taon-taon itong nararanasan ay hindi pa din sila gaanong kahanda at kaalerto. Subalit, ang ating gobyerno ay naghahanda sa mga pangyayaring ito pero bakit marami pa ring tao ang nabubuwis at nasasayang ang buhay tuwing sasapit ang sakuna?

Kaya naman, kinakailangang magsulong ng Disaster Preparedness Act para maatasan ang nasa lokal na pamahalaan upang magkaroon ng plano at aksiyon sa pamamahala ng kalamidad bago magkaroon ng sakuna. Huwag nating hayaan na magkaroon pa ng malalang pangyayari bago kumilos pananggalang sa di magandang pangyayari sa mga tao. Ngunit, ang mga nasa pamahalaan ay gumagawa nang paraan at paghahanda bago dumating ang mga delubyo sa ating bansa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Nararapat na ang mga kagamitan kung sakaling magkaroon ng kalamidad ay dapat naka-ayos na bago pa lamang ito mangyari at hindi sa paraan na ito pa lamang ay magaganap dahil mayroong posibilidad na magahol sa oras na dapat ay nagsasalba ng mga taong nasa peligro ang kalagayan. Pero, may kahandaan ang ating pamahalaan sa anumang oras at mababawasan ang pangangamba ng bawat isa. Ngunit sa katigasan ng ulo ng ilang mamamayan at ayaw sumunod sa pamahalaan para makaiwas sa panganib ng kanilang buhay kung kaya't maraming nagiging biktima. Kung sila ay magiging masunurin kung pinapalikas na sa mga ligtas na lugar malamang walang mapapahamak.

Pero may mga pagkakataon din na pagkukulang ang ating pamahalaan. Kung magkakaroon man ito ng agarang responde sa oras ng panganagilangan, kailangan

makapag-ensayo ng mga tao upang matugunan ang tamang gawian para magsalba ng buhay. Hindi lamang sa mga klase o paaralan dapat ito itinuturo dahil mas maganda kung pati ang mamamayan at nasa mga disaster risk management ng mga local na pamahalaan ay makikipagtulungan at makikipag-ugnayan sa mga Pilipino. Ngunit, bago maisagawa ang programang ito ay kailangan ng budyet para mapagtagumpayan natin ito.

Mas mainam kung pagtuuan ng pansin ng gobyerno ang suliraning na kinakaharap ng ating bansa, dahil ang mamamayan ay natatakot dahil ang buhay ng bawat isa ay mahalaga. Nararapat na mabigyan ito ng agarang aksiyon para walang buhay na nasasayang . Naniniwala akong mababawasan ang kaso ng mga namamatay sa mga kalamidad kung lahat ay gagawa ng paraan at magtutulungan. Tayo mga mamamayan magiging matagumpay ang layunin ng ating pamahalaan kung tayo ay susunod at makikipagtulungan sa hangarin nila para sa atin dahil ang gusto nila maging ligtas tayo sa anumang oras at araw. Kaya ikaw ano pa ang iniisip mo dyan tara na makiisa sa mga programang pangkaligtasan ng pamahalaan para sa taong bayan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*Sanggunian:*

https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2010/ra_10121_2010.html
https://www.officialgazette.gov.ph/2010/05/27/republic-act-no-10121/
https://www.fao.org/faolex/results/details/en/c/LEX-FAOC145358/